**ABSTRAK**

| | |
|---|---|
| **Pangalan ng Institusyon:** | Pamantasang De La Salle - Dasmariñas |
| **Address:** | Dasmariñas City, Cavite |
| **Pamagat:** | Ang Kamalayan ng mga Kabiyak ng Sundalo sa Panahon ng Pagkakadestino |
| **May Akda:** | Boriga, Jerica May O.<br>Elijay, Sarah Jane L.<br>Hernandez, Eloisa Elaine B.<br>Tingson, Angie A. |
| **Pinagkuhanan ng Pondo:** | Mga Magulang |
| **Halaga:** | 10,000 |
| **Petsa ng Simula:** | Hunyo 2011 |
| **Petsa ng Pagsumite:** | Oktubre 2012 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**Layunin ng pag-aaral**

Layunin ng pananaliksik na ito na maisaayos at matapos ang pag-aaral na ito upang makapagbahagi ng mga impormasyon na maaaring makatulong sa mga susunod pang mananaliksik. Nilalayong alamin ng pag-aaral na ito ang kamalayan ng mga kabiyak sa panahon ng pagkakadestino ng kanilang asawang sundalo. Sa pag-aaral na ito ay tutuklasin ng mga mananaliksik ang mga karanasan na pinagdadaanan ng mga kabiyak ng sundalo sa tuwing nakadestino ang kanilang asawa. Inalam din ng mga mananaliksik ang yugto ng Emotional Cycle of Deployment na kinabibilangan ng mga kabiyak batay sa kanilang karanasan.

**Metodolohiya**

Ito ay tumatalakay sa metodolohiya ng pag-aaral na ito. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang kamalayan ng mga kabiyak sa panahon ng pagkakadestino ng mga sundalo. Ito ay isang isyu na tutugon sa lahat ng kababaihan lalo na sa mga kabiyak ng sundalo , nais ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magsilbing unang hakbang sa pagtugon at makatulong sa mga kabiyak ng sundalo. At para sa disenyo ng pananaliksik ay gumamit ng kwalitibong pamamaraan na may kaakibat na dalawang metodo sa Sikolohiyang Pilipino: ang pakikipagkwentuhan at pagtatanung-tanong. Sa pamamagitan ng dalawang metodo na ito, napag-alaman ng mga mananaliksik ang kamalayan ng mga kabiyak sa tuwing nadedestino ang mga sundalo. Ito ay isang kuwalitibong pag-aaral kung saan ginamit ng mga mananaliksik ang maka-sikolohiyang pilipinong pag-aaral, kumuha ang mga mananaliksik ng mga impormasyon sa pamamagitan ng mga kwento na nagmula sa mga kalahok.

**Resulta**

Napatunayan sa pag-aaral na ito na sa panahon ng pagkakadestino ng mga sundalo, ang mga kalahok ay humaharap sa dalawang suliranin gaya ng usapin sa relasyon at pamilya. Sa usaping relasyon, komunikasyon ang pangunahing sumusubok sa pagitan ng mag-asawa na siyang nagiging dahilan upang magkaroon ng hinala ang mga kabiyak ukol sa pangangalunya ng mga sundalo. Ang pagiging isang ina at ama ng mga kalahok ang siyang hamon sa panahong wala ang kanilang mga asawa na kung saan kinakailangan nilang gampanan ang kanilang tungkulin sa pamilya. Lumalabas din na ang mga kalahok ay may malalim na pananampalataya sa Diyos kung kaya't ito ang kanilang nagiging sandigan sa panahong nakadestino ang kanilang asawang sundalo. Ngunit malinaw din na makikita sa pag-aaral na ito ang paraan ng pagtugon ng mga kabiyak sa mga suliraning kanilang nararanasan sa panahon ng pagkakadestino ng mga sundalo.